


MAKABAGONG BALITA NG KOMUNIDAD

# Nagkatotoo ang tren sa hinaharap ng Moorebank

Ang mga unang tren na may dalang containerised freight papunta sa timog-kanluran ng Sydney ay nagsimula nang maglakbay sa pagitan ng Port Botany at Moorebank Logistics Park, isang pagpapatotoo ng isang panaginip noong 1990s.


Ang simula ng operasyon ng ating Import/Export rail terminal ay isang monumento at unang hakbang sa tatlong taong proseso sa pagtatag ng isang napagsama-sama at automated logistic hub na may dalawang rail terminals (Import/Export and Interstate) at 850,000 metro kwadrado na pabobodega.

Sa lubos na pag-operasyon, ang aming pasilidad ay makakabawas ng pagbibiayahe ng mga 3,000 na malalaking sasakyan bawat araw sa pagitan ng Port Botany at timog-kanlurang Sydney at makakabawas nito ng tinatantiyang na taunang pagbuga ng usok na karbon sa mahigit na 110,000 tCO$^{2}$e mula sa mga sasakyang ito.

Ang matagumpay na pagkakakumpleto sa unang yugto ng prohekto ay nakamit dahil sa mga pagpupursigi ng mga punong kontraktors na Fulton Hogan and CPB Contractors, kung saan ang mga tauhan ay walang kapagurang tinapos sa nakaraang dalawang taon ang Import/Export terminal at mga riles ng tren na kokonekta sa Southern Sydney Freight Line.

Kasali sa mga kasalukuyang operasyon ang may limang tren bawat linggo na nagdadala ng mga papasok na containers mula sa Port Botany, na madaragdagan sa mga darating na taon upang maging 21 na mga tren bawat araw.








# Ang Moorebank intermodal terminal ay nagpapalago sa lokal na ekonomya at mga trabaho

Ang Moorebank Logistics Park development ay nagbigay ng mga $7 milyong halaga ng mga kontrata sa mga lokal na negosyo sa unang anim na buwan ng 2019 at nagbibigay ng trabaho sa mahigit na 200 na lokal sa lugar.

Ang pinakahuling mga bilang na ibinigay ng Australian Industry Participation Authority ay nagpapakita na ang mga kontratista sa paggawa ng gusali, mga nagbibigay serbisyo at materyales mula sa mga lugar ng konseho sa Liverpool, Campbelltown, Fairfield at Bankstown ay lubos na nakisali sa kaunlarang ito.

Ito ay nagsimula sa may mga sampung milyong dolyares sa mga nakalipas na kontrata na ibinigay sa rehiyon mula noong simulan ang prohekto mahigit na dalawang taon nang nakalipas.

Ang mga lokal na negosyo ay nagbigay ng isang hanay ng mga materyales at serbisyo, kasali rito ang: mga materyales para sa mga bubong at dingding, mga suplay sa pang-istrakturang mga bakal, pag-iinhinyerya, pagkokonkreto at mga serbisyo sa pamamahala ng trapiko at pag-uupa ng mga planta.

Ang mga lokal na negosyo ay nag-empleyo din ng may 15 kataong nagsasanay sa pagtatrabaho sa lokal na lugar.

Ang SIMTA ay malapitang nagsisipaggawa sa Industry Capability Network (icn.org.au), isang pambansang ugnayan sa internet na tumutulong sa may sampung libong mga taga-suplay at kontraktor upang makipag-ugnayan sa mga negosyo na nangangailangan ng mga serbisyo o malalaking proyekto mula sa mga subcontractors ng lokal na rehiyon.

Ang Moorebank Logistics Park ay may isang natatanging webpage sa ICN portal na kung saan ang mga sumusunod na mga pakete ng trabaho at mga pagkakataon sa proyekto ay inilalathala para ang mga lokal na negosyo ay may kakayahan na makisali sa paghatag ng mga “tender for the work”.




Ang mga kinatawan ng Moorebank Logistics Park konstruksyon at ang punong-guro ng Wattle Grove PS na si Nicole Cameron at ang mga kapitan ng paaralan.

# Bagong gusali ng Wattle Grove Public School

Ang Qube Holdings – ang nagpatayo ng Moorebank Logistics Park – at ang ating rail terminal kontraktor Fulton Hogan ay nagsamang lakas para sa isang lokal na proyektong impraktura sa Oktober: isang pagpapaganda sa lokal na paaralan.

Ang Qube and Fulton Hogan ay nagbigay ng $10,000 na pambayad sa bagong nasilungang daanan ng Wattle Grove Public School. Ang walkways ay kokonekta sa mga demountable na silid-aralan at ang mga iba pa sa lupain ng paaralan, mas ligtas at komportable ang mga estudyante at mga guro sa mga panahon ng tag-ulan at tag-init.






## May Target na sa lugar

Ang Target Australia ay nagsimula na sa kanyang bagong distribution centre ng NSW, bilang natatanging unang nangungupahan ng Moorebank Logistics Park.

Ang mga tauhan ng Target ay lumipat na sa makabagong 40,000 metro kwadradong pasilidad habang ang retailer ay kinukompleto ang kanyang sortation equipment at naghahanda para sa boung pag-aandar ng bagong pasilidad.

Ang mga motoristang palaging naglalakbay sa Moorebank Avenue ay maaaring nakikita ang pagtayo ng gusali ng Target noong nakaraang mga buwan, habang ang mga unang tren ay nagsisimula ring maghakot ng mga import containers mula sa Port Botany na direktang patungo sa bodega sa lugar. Ang mga sasakyan ng Target ay makikita na rin papasok at palabas sa lugar sa pamamagitan ng aming signalised intersection sa may timog ng Anzac Road.

Habang nagsisimulang umandar ang bodega ng Target, sumusulong ang konstraksyon sa dalawang bagong 20,000 metro kwadradong mga bodega sa bandang silangang hangganan ng presinto na ginagawa para sa mga mangungupahan na gustong maglagay ng kanilang mga negosyo sa lugar.

Sa ibang bahagi ng presinto ay patuloy na naghahanda bilang sagot sa mga dumaraming pangangailangan ng mga nangungupahan na silang nagtutulak para sa mas marami pang ginagawang mga bodega sa pagsisimula ng 2020.

## Pinapaganda na ang kalsada

Ang pagpapaganda sa Moorebank Avenue na gagawing apat na linya sa may pagitan ng M5 Motorway at ang Moorebank Logistics Park ay sisimulan bago mag-Pasko.

Ang aming kontraktor na BMD ay nasa lugar na at nagsisimula na sa mga paghahanda para sa paggawa ng isang diversion road upang makakapagsimula ito sa pagpapaganda sa kasalukuyang Moorebank Avenue.

Kasama sa mga nauunang mga gawain na natapos na ay ang pag-aalis sa mga halaman sa may kanlurang gilid ng Moorebank Avenue, kung saan gagawin ang road widening.

Ang pagkakaalis sa mga halaman para sa ating proyekto ay napapalitan sa pamamagitan ng pagbili ng mga credits at napapahusay na biodiversity outcomes mula pagkakaalis ng mga masasamang damo at paglalagay ng mga bagong halaman sa ibat-ibang lugar doon, kasama na ang kasalukuyang pamamahala ng kapaligiran dito.

Kabilang ang mga biodiversity offset areas ang tabi ng Georges River na nasa kabila ng Leacocks Regional Park at ang kakahuyan na nanghiwalay sa Moorebank Logistics Park sa Wattle Grove at ang mga linya ng riles sa Holsworthy-Glenfield.

Ang huling mga plano sa konstraksyon ay ginagawa na, ngunit ang mga motorista ay dapat maghanda sa mga gagawing mga pansamantalang mga diversion na mangyayari sa 2020 habang tinatapos ng BMD ang kanyang mga ginagawa. Mangyari pong basahin ang mga roadside digital messaging boards para sa impormasyon, sundin ang mga nagta-traffic at sundin ang mga roadwork speed limits na tumutulong sa mga gumagamit sa daan at trabahador na maging ligtas.

Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa pagpapaganda sa daan, tumawag po sa **1800 986 465** o mag-email sa **simta@elton.com.au**.



# Pagkaka-aproba ng pagpaplano para sa ikalawang rail terminal at karagdagang pagbobodega

Ang Independent Planning Commission ng gobyerno ng NSW ay nag-aproba sa aming aplikasyon sa State Significant Development noong mga unang araw ng Nobyembre, upang ang unang yugto ng Moorebank project ay magtutuloy.

Kabilang sa aplikasyon ang pagsisimula sa bulk earthworks ng buong lugar (sa pagitan ng Moorebank Ave at Georges River), paggawa ng interstate rail terminal at warehousing sa bandang kanluran ng presinto.

Kami ay nagpapasalamat sa lahat ng mga miyembro ng komunidad na nakisali sa mga sanggunian, kasama na ang mga pampublikong pagpupulong sa Brighton Lakes Golf Club noong Hunyo.

Ang mga sinulat mula sa mga pampublikong pagdinig at pagpupulong sa pagitan ng komisyonado ng IPC at mga importanteng stakeholders ay makikita sa online. Pumunta sa **www.ipcn.nsw.gov.au/projects** at hanapin sa "Moorebank Intermodal".

Ang mga detalye ng mga aktibidades ay ilalatahala sa www.simta.com.au habang hinahanda ang mga dagdag na mga gawain, at ang mga pagtatrabaho sa labas ng regular na oras na trabaho na maaaring makaka-apekto sa mga kapitbahay ay may hiwalay na pag - letterboxing.

## Ang mga araw ng walang trabaho sa Pasko

Ang aming mga kontraktor ay maghihinto sa pagtatrabaho pagkatapos ng oras ng trabaho sa Lunes, ika-23 ng Disyembre at hindi babalik hanggang sa Huwebes, ika- 2 ng Enero, ngunit maaaring may mga maliliit na gawain habang nasa panahon ng Pasko at Bagong Taon.

Ang anumang trabaho sa lugar sa mga panahong nabanggit ay limitado sa regular na mga oras ng pagtatrabaho sa mga araw ng trabaho at sa mga Sabado. Walang gagawing trabaho sa mga Linggo o mga araw ng pampublikong kapistahan.

Kung kayo ay may mga katanungan sa anumang oras tungkol sa aming proyekto, mag-email sa **simta@elton.com.au** o magtelepono sa **1800 986 465**.

## Tawagan Kami

Bumisita po sa aming website

**www.simta.com.au**
para sa dagdag na impormasyon

PO Box 1488
Bondi Junction NSW 2022

Para sa mga natatanging tanong, mangyari pong

**tumawag sa 1800 986 465**

o magpadala ng mga nakasulat na tanong o feedback sa **simta@elton.com.au**